Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPU'T TATLO (43RD) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG HUNYO 8, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-nakadalo :

Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay, O.B.

KAUTUSAN BLG. 2026-2495

KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG MGA VIDEOKE MACHINE, MGA INSTRUMENTONG PANGMUSIKA, SOUND SYSTEM, AT IBA PANG MGA PINALAKAS NA AUDIO DEVICE SA LOOB NG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA, AT NAGTATAKDA NG MGA PARUSA PARA SA MGA PAGLABAG DITO.

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o ang "Local Government Code of 1991" na ang bawat lokal na pamahalaan ay dapat gumamit ng mga kapangyarihang hayagang ipinagkaloob, mga kapangyarihang kinakailangang kaakibat nito, at mga kapangyarihang kinakailangan, naaangkop, o incidental para sa mahusay at epektibong pamamahala at pagtataguyod ng pangkalahatang kapakanan;

SAPAGKAT, sa loob ng kani-kanilang nasasakupan, ang mga lokal na pamahalaan ay dapat magpanatili ng kapayapaan at kaayusan, pangalagaan ang buhay, kalayaan, at ari-arian, at tiyakin ang kaginhawahan ng kanilang mga mamamayan;

SAPAGKAT, noong Mayo 4, 2026, tinanggap ng Sangguniang Bayan ang liham-endorso mula sa Lokal na Punong Ehekutibo, Kgg. Mayor Neil Andrew N. Nocon, na nagsusumite ng mga Joint Resolution ng Municipal Peace and Order Council (MPOC) at Municipal Anti-Drug Abuse Council (MADAC) para sa kaukulang aksyong lehislatibo;

SAPAGKAT, kabilang sa mga iniendorsong resolusyon ang Joint MPOC at MADAC Resolution No. 2026-05 na humihiling sa Sangguniang Bayan ng Los Baños na magpatibay ng isang kautusang bayan hinggil sa mas mahigpit na regulasyon sa paggamit ng mga videoke

machine at amplified sound systems, kabilang ang pagtatakda ng oras ng paggamit, mga exemption, permit requirements, at mga kaparusahan;

SAPAGKAT, inilunsad ng Department of the Interior and Local Government (DILG) ang "Safer Cities Initiative" upang tugunan ang karamihan ng mga krimeng nagaganap sa mga urban area at upang mapataas ang kumpiyansa ng publiko sa pagpapatupad ng batas;

SAPAGKAT, alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 2026-029, mahigpit na hinihikayat ang mga Lokal na Pamahalaan na magpatibay o magpatibay pa ng mga umiiral na kautusan na nagreregula sa ingay at nagbabawal sa labis, hindi kinakailangan, at hindi pangkaraniwang malalakas na tunog sa mga residential at pampublikong lugar;

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ng Los Baños ang kahalagahan ng pagpapanatili ng kaligtasan at kapayapaan ng publiko sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga hakbang na naglalayong mabawasan ang noise pollution;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Kgg. Rand Edouard R. De Jesus, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **PAMAGAT.** Ang Kautusang ito ay tatawaging "Kautusan sa Pagtatakda ng Paggamit ng mga Videoke Machine, Sound System, Mga Instrumenting Pangmusika at mga Pinalakas na Audio Device ng Bayan ng Los Baños."

SEKSYON 2. **PAHAYAG NG PATAKARAN.** Ipinapahayag ng Bayan ng Los Baños ang patakaran nitong magtakda ng mga alituntunin sa operasyon at paggamit ng mga videoke machine, karaoke system, speaker, sound system, at iba pang pinalakas na audio device upang maiwasan ang labis at hindi kinakailangang ingay, mapanatili ang kapayapaan at kaayusan, maitaguyod ang pampublikong kalusugan at kapakanan, at maprotektahan ang mga residente laban sa mga istorbo.

SEKSYON 3. **SAKLAW.** Ang Kautusang ito ay sasaklaw sa lahat ng tao, establisyimento, organisasyon, resort, hotel, restaurant, bar, beerhouse, pampublikong lugar, residential area, pampublikong sasakyan, at iba pang kahalintulad na entidad na nagpapatakbo o gumagamit ng gumagamit ng videoke machine, sound system, instrumentong pangmusika, at iba pang amplified audio device sa loob ng teritoryal na nasasakupan ng Bayan ng Los Baños.

SEKSYON 4. **KAHULUGAN NG MGA TERMINO.** Para sa layunin ng Kautusang ito, ang mga sumusunod na termino ay binibigyang-kahulugan:

a. **Videoke/Karaoke Machine** – anumang elektronikong makina o kagamitan na kayang magpatugtog ng musika na may kasamang lyrics para sa pag-awit o aliwan;
b. **Amplified Sound System** – anumang speaker, mikropono, amplifier, sound box, public address system, subwoofer, o kahalintulad na kagamitan na kayang magpalakas ng tunog lampas sa karaniwang antas ng pag-uusap;

k. **Labis na Ingay** – anumang malakas, nakakagambala, matagal, hindi kinakailangan, o hindi pangkaraniwang tunog na nakakaistorbo sa pagtulog, kaginhawahan, trabaho, pag-aaral, pagsamba, klase, o pampublikong kaayusan;

d. **Pampublikong Lugar** – anumang lansangan, barangay road, eskinita, bangketa, plasa, parke, pampublikong pamilihan, terminal, waiting shed, pasilidad ng pamahalaan, open space, o anumang lugar na bukas o naaabot ng publiko;

e. **Residential Area** – anumang lugar na pangunahing ginagamit bilang tirahan;

g. **Ipinagbabawal na Oras** – ang panahon kung kailan hindi pinapayagan ang operasyon at paggamit ng mga videoke machine, karaoke system, at iba pang amplified audio device alinsunod sa Kautusang ito;

h. **Pampublikong Sasakyan o Public Utility Vehicle (PUV)** – tumutukoy sa anumang sasakyang ginagamit sa pampublikong transportasyon tulad ng traysikel, jeepney, bus, van, e-bike, pedicab, at iba pang kahalintulad na sasakyang pampasahero na bumibiyahe sa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Los Baños; at

i. **Sound System ng Pampublikong Sasakyan** – tumutukoy sa anumang speaker, amplifier, subwoofer, karaoke system, public address system, o iba pang audio device na nakakabit o ginagamit sa loob o labas ng isang pampublikong sasakyan para sa pagpapatugtog ng musika, anunsyo, o anumang uri ng tunog.

l. **Instrumentong Pangmusika** – tumutukoy sa anumang instrumentong lumilikha ng tunog o musika, maging ito man ay akustiko o elektroniko, kabilang ngunit hindi limitado sa tambol, mga instrumentong percussion, gitara, keyboard, mga instrumentong brass, woodwind, string instruments, at iba pang katulad na kagamitang ginagamit para sa pagtatanghal, ensayo, libangan, o iba pang layunin.

SEKSYON 5. **PANGKALAHATANG PAGBABAWAL.** Ipinagbabawal ang operasyon at paggamit ng mga videoke machine, karaoke system, sound system, at iba pang amplified audio device mula Alas-Diyes (10:00) ng gabi hanggang Alas-Diyes (10:00) ng umaga kinabukasan.

Sa kondisyon, gayunpaman, na tuwing holidays, maaaring pahintulutan ang paggamit ng mga videoke machine, karaoke system, sound system, instrumentong pangmusika, at iba pang amplified audio device hanggang Alas-Once (11:00) lamang ng gabi.

Sa loob ng itinakdang ipinagbabawal na oras, ang lahat ng videoke machine at iba pang amplified audio device ay dapat nakapatay.

SEKSYON 6. **MGA HAKBANG SA PAGKONTROL NG TUNOG.** Lahat ng establisyimentong nagpapatakbo ng videoke machine, karaoke system, bar, beerhouse, resort, hotel, restaurant, at iba pang kahalintulad na establisyimento ay kinakailangang maglagay at magpanatili ng naaangkop na soundproofing materials o noise-control measures upang mabawasan ang paglabas ng tunog mula sa kanilang lugar.

SEKSYON 7. **MGA HINDI KASALI SA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Ang mga nakasaad sa Seksyon 5 ng Kautusang ito ay hindi sasaklaw sa paggamit ng amplified audio device para sa public service announcements, emergency signals, alarm systems, warning devices, disaster response operations, rescue activities, at iba pang kahalintulad na layuning pang-emergency kung kinakailangan.

Gayundin, maaaring pahintulutan ang exemption tuwing pista, mga opisyal na programa at aktibidad ng munisipyo o barangay, school-related programs, religious activities at gatherings na nangangailangan ng paggamit ng sound system, alinsunod sa pagkuha ng kaukulang barangay permit at clearance.

Sa kondisyon, gayunpaman, na ang lahat ng exempted activities ay dapat pa ring sumunod sa makatwirang limitasyon sa tunog at hindi dapat hindi kinakailangang makaistorbo sa mga karatig residente o makompromiso ang pampublikong kaayusan, kaligtasan, at kapakanan.

SEKSYON 8. **MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Ang mga sumusunod ay ipinagbabawal:

a. Pagpapatakbo o paggamit ng videoke machine, karaoke system, instrumentong pangmusika, sound system, speaker, public address system, o iba pang amplified audio device sa panahon ng ipinagbabawal na oras maliban kung may pahintulot mula sa Punong Bayan o kinauukulang Barangay;

b. Pagpapatakbo ng videoke machine, instrumentong pangmusika, at amplified audio device sa paraang nagdudulot ng labis, nakakagambala, hindi kinakailangan, o hindi pangkaraniwang malakas na ingay na sumisira sa pampublikong kaayusan, pagtulog, klase, trabaho, gawaing panrelihiyon, o mapayapang pamumuhay ng mga residente;

k. Paggamit ng amplified audio device sa mga pampublikong lugar nang walang paunang pahintulot mula sa Pamahalaang Bayan o kinauukulang Barangay;

d. Pagtanggi o hindi pagsunod sa mga legal na kautusan ng mga awtorisadong enforcement officers na ipatigil ang operasyon ng videoke machine o amplified audio device;

e. Pagpapatakbo ng videoke machine o amplified audio device sa panahon ng emergency, kalamidad, public disturbance, o iba pang sitwasyong maaaring makaapekto sa pampublikong kaligtasan at kaayusan;

g. Pagpapahintulot sa operasyon ng videoke machine o amplified audio device sa loob ng establisyimento, tirahan, o lugar na nasa ilalim ng pagmamay-ari, pangangasiwa, pamamahala, o kontrol ng isang tao na lumalabag sa Kautusang ito;

h. Paggamit ng videoke machine, karaoke system, instrumentong pangmusika, at iba pang amplified audio device sa mga residential area para sa birthday, family gathering, anibersaryo, pista, religious activities, at iba pang kahalintulad na pribadong okasyon sa panahon ng ipinagbabawal na oras;

i. Paggamit o pagpapatugtog ng sound system, speaker, subwoofer, o anumang amplified audio device na nakakabit sa pampublikong sasakyan sa paraang nagdudulot ng labis, nakakagambala, o hindi pangkaraniwang malakas na ingay na nakaaapekto sa pampublikong kaayusan, kaligtasan, at kapayapaan ng komunidad; at

l. Pagpapatugtog ng malalakas na sound system sa loob o labas ng pampublikong sasakyan habang bumibiyahe, nakaparada, o naghihintay ng pasahero sa mga pampublikong lugar, terminal, barangay roads, residential areas, at iba pang katulad na lugar lalo na sa panahon ng ipinagbabawal na oras.

SEKSYON 9. **MGA MAY KAPANGYARIHANG MAGPATUPAD.** Ang Philippine National Police (PNP), Public Order and Safety Office (POSO), mga Opisyal ng Barangay, at iba pang awtorisadong kawani ng munisipyo ay binibigyang kapangyarihang ipatupad ang mga probisyon ng Kautusang ito.

SEKSYON 10. **MGA PARUSA.** Ang sinumang mapatunayang lumabag sa alinmang probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

a. Unang Paglabag – Multang Isang Libong Piso (Php 1,000.00);

b. Ikalawang Paglabag – Multang Isang Libo at Limang Daang Piso (Php 1,500.00);

k. Ikatlo at mga Susunod Pang Paglabag – Multang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php 2,500.00), kumpiskasyon ng videoke machine, karaoke system, sound system, o amplified audio device na ginamit sa paglabag, at/o pagkakakulong nang hindi hihigit sa anim (6) na buwan ayon sa pagpapasya ng Hukuman.

Sa ikatlo at mga susunod pang paglabag, bukod sa mga umiiral na multa at/o pagkakakulong na nakasaad sa Kautusang ito, maaaring ipag-utos ng hukuman ang pagsasagawa ng community service bilang karagdagang o alternatibong kaparusahan, alinsunod sa mga umiiral na batas at regulasyon.

Kung ang lumabag ay isang business establishment, ang may-ari, operator, manager, o taong namamahala rito ay magiging solidarily liable. Ang paulit-ulit na paglabag ay maaari ring maging batayan para sa suspensyon, pagbawi, o hindi pagre-renew ng Mayor's Permit o Business Permit matapos ang kaukulang abiso at pagdinig.

SEKSYON 11. **PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON.** Ang Pamahalaang Bayan, sa pamamagitan ng Municipal Information Office, mga Barangay, at iba pang kinauukulang ahensya, ay magsasagawa ng information and education campaign hinggil sa mga probisyon ng Kautusang ito.

SEKSYON 12. **SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinmang probisyon ng Kautusang ito ay ideklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa, ang iba pang probisyon na hindi apektado nito ay mananatiling may ganap na bisa at epekto.

SEKSYON 13. **SUGNAY NG PAGWAWAKAS.** Ang lahat ng mga kautusan, resolusyon, executive issuance, tuntunin, at regulasyong sumasalungat sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang-bisa, inaamyendahan, o binabago nang naaayon.

SEKSYON 14. **PAGKAKABISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos maipaskil sa mga lantad na lugar sa loob ng Bayan ng Los Baños at matapos masunod ang mga kinakailangang publication requirements.

PINAGTIBAY : Hunyo 8, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONNA T. ALBORIDA-DIZON
Kalihim para sa Sanggunian ng Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PJ A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan